

MAIKLING BIOGRAPIYA



Si **Clarence M. Batan, PhD** ay Pilipinong-sosyologo, Propesor ng Sosyolohiya sa Pakultad ng Sining at Panitik, at mananaliksik ng Research Center for Social Sciences and Education sa Unibersidad ng Santo Tomas (UST).

Tubong-Binangonan, Rizal, nagtapos siya ng *AB Sociology* sa UST; *Masters in Sociology* sa Unibersidad ng Pilipinas-Diliman; at *PhD in Sociology* sa Dalhousie University (Nova Scotia, Canada). Dalubhasa siya sa larangan ng sosyolohiya ng pagkabata, kabataan, edukasyon, hanapbuhay at iba't iabng metodo sa pananaliksik sa agham

panlipunan.

Naging *Vice President for Asia of the Research Committee 34 – Sociology of Youth of the International Sociological Association (2014-2018)*; dating Pangulo ng Philippine Sociological Society (2017-2018); at miyembro ng *Technical Committee for Sociology of the Philippine Commission of Higher Education (CHED)*. Ginawaran din siya ng *post-doctoral fellowship* sa Brown University (Research Fellow, 2012 & Visiting Fellow for International Studies, 2013) Providence, Rhode Island, USA.

Si Dr. Batan ay naging direktor ng *Research Center for Culture, Education, and Social Issues* sa UST (2015-2017). Sa kasalukuyan, siya ang pangunahing-mananaliksik sa proyektong, *The National Catechetical Study (NCS) 2021: Pastoral Action Research and Intervention (PARI) Project*, na ikinomisyon ng *Catholic Bishops' Conference in the Philippines (CBCP) – Episcopal Commission on Catechesis and Catholic Education (ECCCE)* upang maintindihan ang kalagayan ng estado at kondisyon ng kateketikal na misyon ng simbahan sa bansa.